



State of California  
Health and Human Services Agency  
Department of Health Care Services



**MICHELLE BAASS**  
*DIRECTOR*

**GAVIN NEWSOM**  
*GOVERNOR*

## **Mahalagang balita tungkol sa mga premium ng iyong [Program]**

Minamahal naming Tagatanggap,

Pinababa ng 2022-2023 na badyet ng Gobyerno ang Medi-Cal na premium (buwanang halaga) na **\$0.00**, kasama ang para sa mga buntis at bata. Simula **Hulyo 1, 2022** ay hindi mo na kailangang magbayad ng buwanang premium. Titigil ka nang magbayad ng halagang binabayaran mo ngayon sa oras na iyon.

Kung mayroon kang Electronic Funds Transfer (EFT) o Recurring Credit Card payment (RCC), ang iyong awtomatikong mga pagbabayad ay titigil simula Hulyo 1, 2022.

---

Medi-Cal Eligibility Division  
1501 Capitol Avenue, MS 4607  
P.O. Box 997413, Sacramento, CA 95899-7413  
(916) 552-9200 phone • (916) 552-9477 fax  
Internet Address: [www.dhcs.ca.gov](http://www.dhcs.ca.gov)

**Ang mga premium ng programang ito ay ibababa sa \$0.00.**

- Medi-Cal Access Program (MCAP)
- Medi-Cal Access Infant Program (MCAIP)
- County Children’s Health Initiative Program (CCHIP)
- Optional Targeted Low Income Children’s Program (OTLICP)

**Ang petsa ng huli mong bayarin ay Mayo 20, 2022**

Ito ay para sa huling premium na utang mo para sa Hunyo 2022. Kung mayroong sobra sa iyong bayad o balanse sa kredito sa Hulyo 2022, makakakuha ka ng refund sa pamamagitan ng tseke.

**Kung mayroon kang waiver para sa premium ng public health emergency**

Ang iyong huling premium na naka-waive ay para sa buwan ng Hunyo. Simula Hulyo 1, 2022, hindi mo na kailangang magbayad ng buwanang mga premium.

**Wala kang kahit anong kinakailangang gawin**

Ang sulat na ito ay para sabihin sa iyo na hindi mo na kailangang magbayad ng buwanang premium. Mananatili ang saklaw ng iyong seguro para sa mga serbisyo sa pangangalagang kalusugan.

**Mga Tanong?**

Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan mo ng tulong, basahin ang Frequently Asked Questions (FAQS) na

Pahina 3

kasama ng sulat na ito. O tumawag sa [Program Name and Number].

Ang liham na ito ay nakasulat sa iyong gustong wika. Kung kailangan mo ng libreng tulong para sa lenggwahe, tawagan ang numero ng telepono ng programa na naka-lista sa FAQ na kasama ng sulat na ito. Kasama sa mga serbisyo ang tagapagsalin wika upang matulungan kang basahin ang sulat na ito.

Salamat,

Department of Health Care Services  
State of California